**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

# PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
# HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
# APRIL 25, 2022 (10:58 A.M. – 11:58 A.M.)

**USEC. IGNACIO:** Magandang araw po ng Lunes sa ating lahat. Sama-sama po tayong tumutok at makibalita sa pinakamainit na isyu at balita dito sa Pilipinas, kaugnay po sa pagbabakuna ng second booster dose at ang napipintong oil price hike bukas, at ang nagpapatuloy na imbestigasyon sa smuggling ng mga gulay at prutas dito sa Pilipinas. Simulan na po natin ang talakayan, ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Samantala, simula na ngayong araw ang pagbibigay ng pamahalaan ng ikalawang booster shot para sa mga immunocompromised. At para bigyan tayo ng update diyan, nasa Philippine Children's Medical Center ang ating kasamang Mark Fetalco. Mark?

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat sa iyong report, Mark Fetalco.

Bukas, araw ng Martes, nakatakda namang magtaas-presyo ang mga produktong petrolyo dito sa Pilipinas. Dagdag rason naman po iyan para maghigpit ng sinturon ang ating mga kababayan lalo na po ang mga public utility drivers na hindi pa rin po nakakatanggap ng kanilang fuel subsidy. At kaugnay sa oil price hike, muli po nating makakausap mula po sa Department of Energy, Undersecretary Gerardo Erguiza, Jr. Good morning po, Usec.

**DOE USEC. ERGUIZA, JR:** Good morning po, Usec. Rocky, at sa lahat po ng ating tagapanood at tagapakinig.

**USEC. IGNACIO:** Usec., nasa second quarter pa lang tayo ng taon pero nasa kinse hanggang bente singko pesos na po ang itinaas ng kada litro ng petroleum products. Ano po ang masasabi ninyo sa mga kababayan nating linggu-linggo lang po ay ito na po iyong daing?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR:** Opo, talaga hong napakahirap nitong dinadaanan natin dahil sa mga pagtaas ng presyo. Nitong problema natin nga ay isang pandaigdigang problema. Iyong Ukraine war ay isa sa mga rason kung bakit nagkaroon ng cut ng production, at nadagdagan pa ng problema ngayon dahil sa pulitika sa Libya. Nagkaroon sila ng cut ng production, at ginagamit nila ito to pressure resignation ng mga opisyal nila 'no.

Ang United States din po ay naglabas ng marami na sa kanilang reserves, pero siyempre hindi naman nila puwedeng galawin lahat iyon. At tuluy-tuloy po ang mga sanctions na nangyayari against sa Iran, sa Venezuela, at hindi sila naglalabas ng kanilang mga oil. In the meantime, hindi rin ho nag-i-increase ng production ang ating OPEC or Oil Petroleum Exporting Countries. So, basically, pareho rin po, at sa kakulangan ng supply production. At ginagalaw ho lahat ng mga

reserves. At dito nga ho, dahil reserve na iyong mga ginagalaw, nagtataas po ang mga presyo natin.

Kaya nananawagan po kami sa lahat na medyo iyong ginagawa natin to address this, we are positively conserving and, sooner or later, nangyari naman ito noong 2011, 2012 and even the 1970s, bababa naman ho ito. Kung kailan? Iyon lang ho ang ating hihintayin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., isunod ko na po iyong tanong ng ating kasamahan sa media. Mula po kay Cedric Castillo ng GMA News: Nasa tatlong piso sa gasolina at four pesos sa diesel kada litro po iyong taas-presyo daw po bukas. Ano raw po iyong projection ng Department of Energy? Tuluy-tuloy daw po ba iyong pagtaas sa mga susunod na linggo o may paminsan-minsang rollback tayong mararanasan, Usec.?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR:** Nakikita po natin iyan, itong trend 'no, kung bababa o tataas ano. So iyong narinig ho natin, iyong pagtaas ng presyo ngayon ay in-announce po ito ng mga oil companies kasi sila mismo ay mayroong access ho sila sa world market prices. At basically, ang nangyayari, nakikita ho natin iyong pagtaas din as the day goes by everyday dahil kung tumaas ang presyo, sa daily trading tumataas. Kagaya noong last week, tumaas ang daily trading at in average ho, bumagsak ho ngayon, tumaas.

So ang titingnan ho natin ngayon, iyong presyo sa April 25, today 'no, sa daily trading dahil makikita natin kung pataas o pababa. Pero nakikita ho natin, wala naman masyadong significant increases doon sa prices. So unlike in the past, nagkaroon ng pagpalo nang napakalaki na umabot ng 12 pesos, at pagpalo rin ng pagbagsak ng 12 pesos. Ito, paunti-unti iyong pagtaas ngayon.

So nakikita natin kapag biglang bumagsak ito, biglang bababa naman ho ito 'no. At ang indikasyon natin ngayon doon sa average ho last week 'no, compared sa pumatak na daily trading for today, Monday – this is Monday to Friday – bahagyang bumaba. So kung tuluy-tuloy ho itong ganitong indikasyon na ang fluctuation is bumaba ng Monday, eh kung tuloy na bumaba hanggang Friday, kapag in-average mo, may mararanasan tayo ho na pagbaba. Pero Lunes pa lang ho, Lunes pa lang, hinihintay pa natin ang Tuesday, Wednesday, Thursday and Friday. At iyong average ho nito ang mag-i-indicate kung ano ho ang mangyayari next week.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Follow up question po ni Cedric Castillo ng GMA News: May update daw po ba sa panawagan ng administrasyon sa Congress na i-review daw po iyong oil deregulation act? Posible daw po kaya itong ma-amend sa termino ni Pangulong Rodrigo Duterte?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR:** Opo. Una, ang Kongreso po ay nag-respond, ang House po ay nagkaroon na ng committee report. Nirirekomenda ho nila naman ho ito, itong ating amendment ng Oil Deregulation Law 'no. Hindi pa pala committee. Nag-meeting na and they came up with a preliminary evaluation already. At si Congressman Mikey Arroyo po has been very active 'no in coordinating with us, including the preparation of the bill. Humingi ho siya ng bill na based on the recommendations of the Department of Energy.

Ang Senado po naman ay nagkaroon na ng hearing, pero nasa advance stage po ang Lower House. Pero pagdating ho kung whether or not matatapos ho natin ngayon ang amendment in this Congress, magko-convene pa ho sila minsan ‘no. Pero sa aming estimate eh medyo mahihirapan na ‘no kasi iba iyong priorities, ngayon ay eleksiyon at pagkatapos ng eleksiyon eh siyempre canvassing, then they have to go around of course, [to] maybe thank their constituencies or maybe even take lighter loads ‘no.

Siyempre, nasa transition stage, may mga iba-ibang miyembro na ng Senado, ng Kongreso, hindi naman nila—[technical problem]

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec.?

Okay, babalikan po natin si Usec. maya-maya lamang.

Higit sa dalawanlibong (2,000) residente sa tatlong barangay sa Samal Island Davao del Norte ang natulungan para makasabay sa pag-usad ng ekonomiya. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, alamin po natin ang iba pang detalye kaugnay naman sa pagbibigay ng second booster dose sa mga immunocompromised o iyong may comorbidities na edad 18 pataas. Makakasama po natin ang presidente ng Philippine Medical Association, Dr. Benito Atienza.

Good morning po, Doc Benny.

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Hello, good morning. Good morning sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo, good morning po.

May inilabas na po bang listahan ang DOH ng mga kondisyon na papayagang mag-second booster dose or most likely po ay pareho lang po ito sa mga dati nang nasa listahan, Doc Benny?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Yes. Ang priority [technical problem] at alam ko mag-uumpisa na ngayon, kasi ngayon ay sini-celebrate natin iyong World Immunization Week from 24 to 30 ng April. Kaya ang priority natin ngayon na bibigyan, according sa DOH, [ay] itong immunocompromised at saka senior citizens tapos kasunod na diyan iyong mga health care workers.

May mga ospital na nagbibigay na ng mga vaccines, ng [second] booster. Kasi ang ano lang naman [ay] three to four months nang sinundan na vaccine [at] puwede na silang bigyan ng second [booster] dose. At saka ang pinapaalala natin, iyong hindi pa nabibigyan ng booster ay kailangan na nilang magpa-booster na. Iyong iba nga bibigyan na ng second booster, kaya dapat iyong iba naman mabigyan din ng first booster. Sabay-sabay na po iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bilang doktor, Doc Benny, para sa inyo, tama po bang unahin muna itong immunocompromised bago po sumunod itong senior citizens at health care workers? At kailan po kaya ibibigay ang go signal sa kanila?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Ang alam ko ay isasabay na rin iyan eh, sunod-sunod na po iyan. Parang iyong priority listing natin [ay] iyon pa rin naman ang masusunod – iyong immunocompromised – senior citizen – tapos health care workers.

Ang alam ko po halos magkasabay [ang] immunocompromised at saka seniors. Makipag-coordinate na lang po sila sa LGU. Katulad po ng mga nasa Quezon City, bukas po iyong aming bakunahan doon, iyong aming auditory, Thursday and Friday para sa booster doses.

**USEC. IGNACIO:** Pero na-advise po ba ang PMA kung bakit immunocompromised individuals muna ang binigyan ng priority ng HTAC at ng DOH po?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Iyon po ang priority po talaga, kasi nga ay more than four months na silang nabigyan ng first booster at kung magkakaroon ng surge eh iyan po ang maaapektuhan kaya iyan po ang inuuna palagi, [iyong] immunocompromised kasi iyong immune system po nila [inaudible] at the same time sila po iyong vulnerable.

**USEC. IGNACIO:** Ano po iyong pinaka-advisable daw pong brand o mixture ng COVID-19 vaccine para sa second booster dose at tama po ba na mas effective daw po kung magkaibang brand ang first booster at second booster?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Opo, iyon din po ang ibinibigay natin at saka may listahan na po ang DOH kung ano pong brand iyong naibigay. Katulad ko po, nabigyan po ako dati ng AstraZeneca – dalawa, tapos ang sumunod ko po ay Pfizer, kaya puwede po ako ng Moderna o kaya other vaccines.

**USEC. IGNACIO:** Pero paano naman daw po masisiguro na patuloy pa rin pong mapa-prioritize itong primary vaccination sa mga hindi pa po bakunado na ating mga kababayan, Doc Benny?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Lahat po naman kapag pumunta po kayo doon sa vaccination center, lahat po ay puwedeng ibigay. Ang mahirap lang po doon sa biglaang pupunta ay ito pong ating mga eighteen below kasi po iba ang bakuna nila. Ang puwede lang pong ibakuna sa mga bata, sa 18 below is Pfizer.

Kaya dapat well-coordinated ang pagpunta ninyo doon sa health center, iyong sa 18 below kasi iba po ang bakuna nila. Iba po iyong dose, iba po iyong bakuna, Pfizer lang po ang ibinibigay sa kanila.

Iyong mga adult, kahit anong oras pupuwede sila doon, kasi may mga bakuna naman po doon. Ang importante po, coordinated at [inaudible], dalhin lang nila ang vaccination card nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nabanggit ninyo nga rin po kanina, Doc Benny, ipinagdiriwang itong 'Word Immunization Week.' Kaugnay niyan, ano daw po ang magiging commitment ng Philippine Medical Association dito sa rollout ng panibagong bakunahan para sa ating mga kababayan?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Actually po, hindi lang po ito iyong panibagong bakunahan, ito lang po ay ipinapaalala sa atin ng World Health Organization itong World Immunization Week. Ini-explain dito na ang bakuna ay hindi lang para sa COVID, marami po tayong bakuna from newborn to adulthood, senior citizen.

Atin pong isaisip na pagkalabas po ng bata o buntis pa lang ang nanay, nakaka-receive na siya ng bakuna na anti-tetanus. Tapos paglabas po ng bata, bago lumabas ang bata sa ospital, binabakunahan po nila ng Hepatitis B. Bakit kailangan bigyan ng Hepatitis B? Kasi ito po ay para hindi tayo magkaroon ng cancer. Kasi sa pag-aaral, after 30 years puwede kang magka-liver cancer kung ikaw ay magkakaroon ng Hepatitis B.

Tapos ang pangalawang bakuna po na ibinibigay diyan [ay] iyong BCG. Ano naman po ang BCG? Ang BCG ay para po doon sa Tuberculosis outside the lungs, para hindi po tayo magkaroon ng Tuberculosis other than sa lung.

Kapag six weeks, dapat dinadala natin ang ating mga anak sa center, bibigyan siya ng diphtheria-pertussis-tetanus, anti-pneumonia, polio, at another dose ng Hepatitis B.

Tapos ang susunod niyan ay nine months to one year, bibigyan kayo ng measles [vaccine]. Tapos after 15 months, iyong MMR; at kapag nakaisang taon, iyong booster doses na.

Ito po ang mga nakalimutang mga bakuna during the pandemic para sa ating mga bata na ngayon ay mga toddler na. Iyong mga isa hanggang dalawang taon ay mga three to five years old na iyan ngayon, nakalimutan po iyong pagbakuna sa kanila kasi nag-COVID.

Ito po naman ay nangyari sa buong mundo at saka pinahahalagahan po natin ngayon, ng World Immunization Week na ito ay mabigyan ng bakuna ang lahat ng mga tao sa komunidad natin. Kasi hindi lang po bata, puwede po iyong mga anti-cervical cancer, ang ating mga babae na fifteen years old and above, kailangan po ay mabigyan. Tapos ang ating mga senior citizen, may libre pong flu vaccine at pneumonia para sa ating matatanda.

Ito pong World Immunization Week na ito, ito po ang nagpapalawig para ipaabot sa ating mga komunidad ang kahalagahan ng mga bakuna na ang mga preventable diseases ay mapi-prevent katulad po ng measles. At sinabi po natin, noong 2019 ay nagkaroon ng measles ang 800 kabataan natin, mga bata namatay sa Pilipinas gawa ng measles kasi hindi nabakunahan. At alalahanin po natin, ang bakuna ay isang panlaban para sa sakit at kapag binigyan tayo ng bakuna, kapag nagkaroon ng epidemic o ano po, mako-contain po iyan sa pamamagitan ng bakuna. Hindi tayo mahahawa at kung mahawa tayo ang gagamutin natin ay iyong mga kumplikasyon. Katulad po ng measles, hindi naman po namamatay ang mga bata sa measles mismo, doon sa virus, kung hindi sa kumplikasyon na dala ng mga diarrhea at saka po itong mga pneumonia. Iyon po ang nakamamatay sa measles at saka other preventable diseases po.

**USEC. IGNACIO:** Doc, may mga dagdag na programa po bang gagawin para palakasin pa iyong bakunahan dito sa Pilipinas at maging sa ibang bansa? Kaugnay pa rin po nitong World Immunization Week?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Yes, kasi itong World Immunization Week, ang importante po ay makarating iyong impormasyon na tama sa ating mga mamamayan sa community. This is a PPP, Public-Private Partnership, may mga ibang sangay po ng pamahalaan katulad po ng—mayroon po kaming activity ngayon, Health Connect na nandoon po iyong DOH, nandoon po iyong Philippine Pediatric Society, Philippine (unclear) Itong mga ano po ng mga gamot, kumpanya at isinisigurado po na safe ang ibinibigay na mga bakuna. Kasi lahat po ng mga bakuna naman natin ay dumadaan sa HTAC at saka po sa DOH at saka FDA. Iyon po ang ano natin, maibigay lahat ng impormasyon na ibinibigay ng World Health Organization. Napakahalaga po ng pagbabakuna.

Lalo po ngayon, uso po ang diarrhea sa mga bata, dapat nabibigyan po sila ng rotavirus [vaccine]. Summer po ngayon, nakakalabas ang mga bata, madami po ngayong nagkakasakit na bata. Bakit? Mga nag-outing, pumunta kung saan-saan, kasama ang matanda, bata, nagkakahawaan na sila ng mga ubo, sipon. Hindi po ito COVID, kung hindi iyong mga dating sakit, bumabalik, kasi nga iyong social distancing, iyong pagsusuot ng mask ay hindi na masyadong nasusunod ngayon. At saka iyong socializing, lalo na puno na ang ating mga malls at ang ating mga recreational centers, ito pong ating mga tourist spots lalo pa iyong mga beaches.

Ilang pasyente ko ngayon, ngayong umaga lang, nag-check-up ako, marami ang nagda-diarrhea, bakit? Nakainom ng tubig sa dagat o kaya nakainom ng tubig sa swimming pool. Eh kailangan po iyan, hindi natin alam kung virus ba iyan o bacterial. Kaya importante po sa kanila ay may rotavirus [vaccine]. Tapos importante po sa akin, iyong (unclear) at saka iba pa pong mga preventable diseases natin na makukuha po natin ang proteksiyon sa bakuna lalo po ngayong summer.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, dito tayo sa COVID. Kumusta po iyong hospital utilization rate natin? May sinasabi po kasi na posibleng tumaas ang kaso. May pagtaas po ba pagdating dito sa hospital utilization rate natin?

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Ang tingin ko po dito sa Metro Manila, ang ano po ng DOH ay mayroon na po uling cases na mga COVID patients na naa-admit. Pangilan-ngilan nga lang po, pero ito ay tumataas compared doon sa normal natin na admission. Kaya po dapat patuloy ang pag-iingat po natin kasi nga, sinasabi ko na ang mga tao ay labas-masok na sa Pilipinas galing abroad at hindi na required ngayon ang quarantine, after galing ka sa abroad. Kanya-kanya na lang ang obserbasyon sa kanilang sarili at ang tini-test na lang [ay] antigen test.

Katulad ko, galing ako sa Paris. Doon, ang mga tao ay hindi na nagma-mask. Pero noong nandudoon ako, nag-mask ako ng isang linggo kapag lumalabas. Kasi sa ibang country, nagsi-surge pa rin; pero doon sa iba, hindi naman. Pero talagang wala na silang mask – at sana dito sa Pilipinas ay hindi natin gayahin sa ibang country – kaya po nagsi-surge uli. At saka kaya nga po pino-promote natin na dapat magpa-booster kasi iyong ating mga bakuna, kasi nag-National Vaccination Day tayo, since November, iyong mga first dose, second dose November natin

nabigay. Eh ngayon kung kukuwentahin natin, naka-almost six months na iyan. Dapat kasi, three to four months, bigyan sila ng booster.

Kaya panawagan natin sa ating mga kababayan lalo na sa ating nakatatanda, doon sa hindi pa nagpapa-booster, kasi ang nabigyan pa lang ng boosters, out of 68 million to 69 million na nabakunahan is almost 15 million pa lang. Ibig sabihin mayroon pa tayong 35 million na hindi pa nabibigyan ng booster, eh iyon po ang kailangan natin. At katulad ko, kaya po ako malakas ang loob, kasi nabigyan ako ng booster at magpapa-second booster na ako. Kasi kung pupunta kayo sa abroad, talagang tinatanong po ang vaccination ninyo at saka, dapat may antigen test o RT-PCR na negative at bago ka umalis doon sa bansa na pinuntahan mo, dapat magpapa-antigen test ka uli, kasi kung hindi ka magpapa-antigen test, hindi ka makakabalik sa country na pinagmulan mo. Totoo po na napakahalaga ng ating vaccine.

**USEC. IGNACIO:** Doc. Benny, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at pagbibigay impormasyon sa amin. Nakasama po natin si Dr. Benito Atienza ng Philippine Medical Association. Maraming salamat po, Doc. Benny.

**PMA PRES. DR. ATIENZA:** Thank you rin po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala makibalita naman tayo sa nagpapatuloy na imbestigasyon sa smuggling ng ilang agricultural products papasok dito sa Pilipinas. Makakausap po natin si Undersecretary Fermin Adriano mula po sa Department of Agriculture. Good morning po, USec. USec? good morning po. Babalikan po natin ang Department of Agriculture.

Nakarating na sa mga residente ng Castillejos, Zambales ang tulong mula sa tanggapan ni Senator Bong Go at mula po sa DSWD bilang pag-agapay sa kasalukuyang sitwasyon lalo na po iyong pinakamahihirap na pamilya sa lugar. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Makakausap po natin si Undersecretary Fermin Adriano mula po sa Department of Agriculture. Good morning po uli, USec.?

**DA USEC. ADRIANO:** Magandang umaga sa inyong lahat. Naririnig na ninyo ako?

**USEC. IGNACIO:** Opo.

**DA USEC. ADRIANO:** Sorry, nagkaroon ng technical problem eh. Can you hear me?

**USEC. IGNACIO:** Yes, USec., loud and clear. USec., ano po iyong susunod na hakbang daw po na gagawin ng Department of Agriculture ngayong pinangalanan na po sa Senate hearing ang umano’y apat na individual na umano’y pasimuno nitong fruits and vegetable smuggling sa bansa?

**DA USEC. ADRIANO:** Pina-follow up na po namin sa Department of Justice ang pagpo-prosecute sa mga taong ito. Kasi sa batas po, ang departamento ay walang kapangyarihan

manghuli, mag-apprehend at mag-prosecute. Ang kapangyarihan pong iyan ay nasa Department of Justice sa pakikipag-ugnayan sa Bureau of Customs. So pina-follow up po namin iyan para talagang mabigyan ng karampatang mga kaso [laban] sa mga tao na iyan.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Usec., sa loob po ba mismo ng Department of Agriculture ay may napatunayan na po bang sangkot sa umano'y smuggling?

**DA USEC. ADRIANO:** Ito pong nasa imbestigasyon ngayon, may finorm [formed] na committee ang ating mabuting Kalihim. Tinitingnan po namin kung mayroong sangkot na mga tao, at malalaman po namin iyan sa madaling panahon para malaman natin, matutunton sa pamamagitan ng imbestigasyon na ito na binuo ng ating Kalihim na si William Dar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano raw po iyong mga kaso at sanctions na haharapin under dito po sa Anti-Agricultural Smuggling Act kung mapapatanuyan nga pong nagkasala ang mga pinangalanang indibidwal?

**DA USEC. ADRIANO:** Ang kaso po na nakasaad sa batas, iyong RA 10845, ay economic sabotage. Mabigat po iyong kaso na iyon, parang plunder. Iyon po iyong kaso na dapat ibigay at napakababa ng threshold para ma-consider na economic sabotage. Sa mga vegetables like carrots, sa onions, tomato ay isang milyon lang at pataas, economic sabotage na iyon kapag nag-smuggle ka noon. Sa bigas, sampung milyon o pataas, economic sabotage na iyon. So multimillion po ang pinag-uusapan dito at ang iba ay bilyon, talagang doon papasok iyong kaso na iyon, as economic sabotage na equivalent halos ng plunder case.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero nakahanda raw pong suportahan ng Kongreso ang anumang budget o policy request para palakasin po ang laban ng pamahalaan sa agricultural smuggling. So ano po ang masasabi ninyo dito, Usec.?

**DA USEC. ADRIANO:** Totoo po iyon. At actually sa ngayon ay uma-attend din ako sa hearing ng Kongreso tungkol diyan, at sila nga, gusto nilang magbigay ng kapangyarihan at tamang budget. At kami po ay natutuwa sapagkat magiging mabuti at maigting ang paglaban sa smuggling kung bibigyan ng karampatang kapangyarihan ang Department of Agriculture. Kasi sa batas ngayon, ang mayroon lang kapangyarihan ay ang Bureau of Customs at DOJ na sabi natin ay manghuli at mag-file ng kaso. Wala po kami, ang Departamento [ng Agrikultura] ay walang kapangyarihang ganoon. Sana ay mabigyan din kami ng kapangyarihan para mas madali naming maiproseso ang kaso kasi kami iyong nakaupo doon eh, together with the Bureau of Customs sa ating mga ports.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec., totoo bang pati itong palm oil ay nagkakaroon na rin daw po ng smuggling?

**DA USEC. ADRIANO:** Actually, technical smuggling iyong tawag natin, iyong misdeclaration. Kasi pumapasok siya na tinatawag nating animal feeds, so pakain sa mga hayop. Pero may mga kumpaniya na mayroon silang kapabilidad na i-process – refine, tapos bleach and deodorize – magagawa nilang ordinary cooking oil. So, iyong pagpasok po niya, bilang animal feeds – animal feed talaga kasi pangit talaga siya – eh walang taripa po iyon, walang tax. Pero kapag

pinasok mo po ng cooking oil iyan, 15% ang nata-tax. So malaking kawalan sa gobyerno iyon. Kaso mayroong loophole yata doon sa ating sistema o batas na pumapasok siya sa animal feed, zero tariff. Pero kung may kapabilidad ka na ma-process iyan into cooking oil, wala kang mababayad na tax kasi nakapasok ka sa animal feed. So technical smuggling po iyan.

Ngayon, ang ginagawa po ng Departamento, nanghihingi na po kami ng utilization report kung paano nila ginamit iyon? Para malaman namin kung sila ay nag-evolve sa technical smuggling.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kasi kapag ganiyan, Usec., may pera ring nawawala para sa gobyerno, ano po. Tinatayang magkano naman ito kung mayroong technical smuggling naman po?

**DA USEC. ADRIANO:** Malaki! Ang ano namin, mga around 40 to 45 billion ang nawala. So kailangan talagang habulin. Lalo na ngayon na kulang tayo ng pondo, eh kailangan talagang habulin iyong mga kumpaniyang iyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bukod nga po diyan sa smuggling ay may malaki pa rin pong challenge itong DA kaugnay po sa mga nasira nitong Bagyong Agaton. Ngayon po ay tinatayang umabot na nga po sa 2.8 billion pesos, tama po ba ito, itong agricultural damage ng Bagyong Agaton. So ano naman daw pong assistance ng DA sa mga magsasaka at mangingisdang naapektuhan po ng bagyo?

**DA USEC. ADRIANO:** Sa latest report namin ay umabot na ng tatlong billion kasi pumapasok pa iyong mga ulat. Pero doon sa mga ayuda na dapat nating ibigay, mayroon pong limang mga assistance o ayuda. Iyong isa ay iyong 500 million worth doon sa pondo namin na tinatawag naming quick response fund para sa rehabilitasyon ng mga lugar. Tapos mayroon kaming tinatawag na credit program under the Agricultural Credit Policy Council, lalo na sa Western Visayas na tinamaan ng husto, na 100 million. At iyong mga ayuda namin na libreng mga buto, kunwari palay o corn, umaabot po ng mga around 88 million ang ipapamahagi. At tungkol naman doon sa mga animal, mga around 30 million po ang ibibigay.

At huling-huli, pinakikilos na rin namin iyong Philippine Crop Insurance Corporation na bayaran ang mga magsasaka na naka-insure sa kanila ng mga damages dahil dito sa Typhoon Agaton.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano pong rehiyon ang may pinakamalaking damage sa agrikultura? Ano po iyong specific products ang apektado, Usec.?

**DA USEC. ADRIANO:** Ang rehiyon po ay Bicol Region, Western Visayas, partly Eastern Visayas. Zamboanga Peninsula, Davao Region, Soccsksargen at Caraga. At ang mga commodities na tinamaan po ay rice/bigas, mais, tapos iyong iba ay iyong mga high-value crops katulad ng mga fruits. Tapos may tinamaan din na mga livestock o iyong mga baboy at iyong mga fish pens po natin. Iyon po ang mga commodities na tinamaan o agricultural commodities na tinamaan ng Typhoon Agaton.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may pahabol lang pong tanong si Tuesday Niu: So ano raw po ang plano ninyong gawin laban sa mga kumpaniyang nagproseso ng animal feeds into cooking

oil para mahabol ang bilyun-bilyong pisong nawala sa gobyerno? Kakasuhan ba sila ng DOJ? I mean, kakasuhan ba nila (DA) o DOJ pa rin po ba ang gagawa nito?

**DA USEC. ADRIANO:** Kinakailangan po nating i-determine muna kung paano [ginamit]. Kasi iyong iba naman talaga ay ginamit na animal feed. Ang mabigat na ano natin, imbestigasyon natin ay kung paano nila ginamit iyon, at kung madi-determine natin kung ginamit nga nila as a cooking oil, doon magsisimula iyong pagpapataw natin ng karampatang buwis.

So medyo masalimuot pa iyan eh. Kinakailangan natin na talagang i-trace back mula doon sa port hanggang doon sa utilization. Kasi wala tayong resources na gawin dati iyon. Pero natunugan natin kasi masyadong biglang tumaas iyong animal feed importation noong panahon ng pandemya na umabot ng 40 million eh, dati mga eight million lang. So iyong 2020 at saka 2021, biglang tumaas at iyon na dapat ang nag-alerto sa atin na may nangyayaring kababalaghan o misteryo diyan. So kinakailangan nating i-trace isa-isa iyong mga kumpaniya na iyan, kung paano nila ginamit, and make them accountable. Kasi hindi naman natin biglang masasabi, 'Oh, ginamit ninyo iyan as a cooking oil.' So kailangan natin munang siguraduhin [kung paano] ginamit nila po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pahabol din pong tanong ni Sam Medenilla ng Business Mirror: Ano na po ang naging commitment ng Department of Justice sa Department of Agriculture regarding sa probe sa apat na alleged smugglers? Mayroon na po kaya silang na-discuss na timeline for the probe?

**DA USEC. ADRIANO:** Sinasabi nila na mayroon sila, doon sa congressional hearing, na pakikipag-usap. May mga kinasuhan na silang mga tao, I think apat or something, at ipagpapatuloy nila iyon na kakasuhan. Pero kami po, gusto namin na maging mabilis sana iyong proseso para mabigyan natin ng example at ma-discourage natin ito kasi talagang malaki ang nawawala sa kaban ng bayan. At mas matindi nga iyong impact doon sa ating mga magsasaka kasi nagku-compete doon sa mga local products natin like coconut 'no na doon maraming mahihirap na magsasaka tapos nagku-compete pa iyan. So kinakailangan talagang pag-ibayuhin ng DOJ ang pag-prosecute nito at sana bilisan po nila. We are trying to lobby, to advocate to the DOJ to make the process much faster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Base naman po sa Philippine Statistics Authority, bumaba raw po simula October to December last year ito raw pong Producer Price Index. Ano po ang naging dahilan nito? At ngayong dumating nga si Bagyong Agaton, nagkaroon po ba raw ulit ng pagtaas sa presyo ng mga agriculture products?

**DA USEC. ADRIANO:** Kailangan nating i-distinguish iyong PPI o Producer Price Index at saka sa retail price. Kasi ito palagi ang nagiging problema nga o complain ng mga magsasaka, mababa sa farmgate price o producer price, pero kapag tiningnan mo doon sa retail price, mataas, 'di ba? So medyo stable iyong producer price, so iyong farmgate price medyo talagang stable siya kasi nga ito na iyong repleksiyon na mababa iyong demand eh, kasi nga, because itong pandemya, walang pambili iyong mga tao, hindi tumataas iyong producer's price.

Pero may nananamantala along the way na mga traders eh, na bakit hindi nagta-translate iyong mababang farm gate price doon sa retail price. Kasi masyado tayong maraming layers ng mga traders at kinakailangan talaga natin para matanggal iyan, kung maaari na eventually at ito ang sinisikap ng agriculture, magkaroon ng e-commerce para diretso na doon sa producers to the buyer. Matatanggal mo iyong maraming mga merchants or traders. So, ganoon po, mababa iyong kita, kaya bumaba iyong demand at dahil doon maliit ang pagbili sa kanila. Pero hindi nangangahulugan na bumaba sa merkado.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kumusta naman daw po iyong PPI, dito sa poultry products at saka sa livestock, USec?

**DA USEC. ADRIANO:** Tumataas na po iyan, kasi tumataas iyong mga animal feeds. Kasi dahil nga sa giyera sa Russia at saka Ukraine, iyong mga animal feeds ay naapektuhan, kasi iyong feed wheat or pakaing trigo sa animal, 30% po iyan, iyong wheat in general galing sa Russia at saka sa Ukraine, biro mo, 30% ng production ng buong daigdig doon galing. Kaya iyong pagkain para sa animal na wheat ay naapektuhan at kaunti iyon … hindi masyadong … kulang iyong corn natin, tumataas na rin po iyong corn, nasa 20 plus na po iyong kilo ng corn. So, naapektuhan na po ang presyo noong final output na chicken, saka noong pork di ba? Kasi iyon ang 50 to 60% sa hogs at 60 to 70% sa chicken, animal feed po iyan eh, iyong cost of production nila. Kaya kung mataas iyong cost of production noong animal feed, mataas po iyong cost of production.

Kaya kapag tinitingnan mo iyong sa merkado, tumataas iyong mga chicken prices natin po ngayon, mataas na rin ang farm gate price, kasi mataas po iyong input nila o mais at mga trigo, ganoon po iyong ano niyan. Kaya minsan makikita ninyo bakit lumiliit iyong mga manok natin, maliit eh, kasi nga kulang ang pakain eh. Iyon po iyong rason, mahal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec, kumustahin ko na rin po iyong naging pagbisita ni Agriculture Secretary William Dar dito po sa India, para po sa isang bilateral meeting. Ano po iyong significance o maitutulong nito sa ating industriya, agriculture industry natin sa pamumuhay po ng mangingisda at magsasaka natin?

**DA USEC. ADRIANO:** Kasi kapag tiningnan mo po iyong India, siya po iyong number three sa producers ng rice sa buong daigdig. At isang major player din po siya sa pag-produce ng trigo o wheat. So, lider din po siya sa maraming farm technology, katulad noong satellite imaging technology, siya po iyong isa sa lider iyan. Gumagamit noon, ano iyong satellite imaging? Puwede niyang tingnan iyong sakahan ng every seven days, makikita niya kung paano tumutubo, kung nataniman ba, etc., etc.

So, pati doon sa fertilizers na inorganic, bio-fertilizer, lider din po ang India. Kaya iyong pagbisita ni Secretary ay nakatuon para tayo ay magkaroon ng access, kasi kung magkaroon ng kakulangan ng mga bigas na pandaigdigan, kasi hindi pa tayo self-sufficient sa bigas, 92% pa lang, dati kasi 87% napataas ni Secretary ng 92%, eh kung nag-tighten ang suplayan, makakakuha tayo sa India. At ngayon, tight nga iyong wheat, kinakailangan nating mag-diversify ng source, iyong India ang isa. Tapos iyong fertilizer, isa din pong ano ang India, lalo na sa inorganic, iyong pagtungo niya doon ay para magkaroon tayo ng bilateral agreement sa mga areas na iyon, including iyong satellite technology. Iyon po ang kailangang-kailangan, lalo

na itong mataas ang presyo ng fertilizer, kinakailangan natin iyong petroleum- based, kinakailangan natin na magkaroon ng inorganic fertilizer.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin ngayong umaga. Undersecretary Fermin Adriano, mula po sa Department of Agriculture.

**DA USEC. ADRIANO:** Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Samantala babalikan po natin ngayon si Undersecretary Gerardo Erguiza ng Department of Energy. USec?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Thank you, USec. Rocky. Medyo lumipad iyong ating internet.

**USEC. IGNACIO:** Pasensiya na po, ulitin lang po namin iyong follow-up question ni Cedric Castillo ano po. May update daw po ba sa panawagan ng administrasyon sa Congress na i-review po itong Oil Deregulation Act? Puwede po kaya ito ma-amend sa termino ni Pangulong Duterte?

**DOE USEC. ERGUIZA:** Opo. Dalawa sa prime line po natin, naumpisahan na po natin ang proseso, nailatag na natin sa Kongreso, sa Lower House at saka sa Senado. At ang Lower House po, through Congressman Mikey Arroyo po ay nag-conduct na ng hearings at gumawa na po ito ng kanilang masusing pag-aaral. Nagkaroon na rin ho ng isang hearing ho sa Senado. Ngunit nakikita na natin na ang priority po ng panahon ngayon ay eleksiyon at pagkatapos ng eleksiyon, nakikita na natin na magkakaroon ng mga panibagong membership.

So, lang magiging transitory iyong status nila and without … if they are going to decide on it right now. But what is important now is already laid down on the table. And hopefully this will be addressed the soonest in the next Congress. But in the meantime, tayo po na buboto, we have to remind our candidates, our …future next batches of legislators na isama nila sa kanilang energy agenda ang mga bagay na it0, dahil importante ito day-in, day-out magmula noong umpisahan ang oil price deregulation law eh naapektuhan na tayo nito at nagiging masakit ito sa bulsa ng mga tao tuwing may mga tama po na ganito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. USec., may pahabol lang na tanong si Tuesday Niu na may kaugnayan diyan. In other words daw po ba, malabo ng maihabol pang maipasa ang possible amendments sa oil deregulation law under Duterte administration?

**DOE USEC. ERGUIZA:** At this point po, ang bola po ay nasa Kongreso ano po. It’s the desire of the Executive branch, sana ay matapos po natin iyan. But realistically speaking po, hindi rin natin hawak ang panahon ngayon, dahil talagang iba po ang activities na ngayon ng ating mga legislators. Unang-una, they have to see to it that they will also have to win their sits as Congressman or as Senators.

PART 6/LAST PART LH 22.04.25

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., balik naman po tayo sa presyo ano. Pero totoo po ba daw na posible ring bumaba ang presyo ng LPG by May? Sigurado na po kaya ito o tentative pa lang daw po ba?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR.:** Well, nakikita natin ang trend 'no. Ang nag-a-announce nga po [ay] mga oil companies at nagkaroon ng trend na tumaas ho ngayon. Sa trend ho, iyong palo ho last week papunta this week, medyo bahagyang may indication na bumababa. So, hopefully itong trend na ito by the following week at saka this May [ay] bababa. And hopefully sana hindi lang iyong up and down or fluctuating price, hopefully maabot na natin iyong pagbaba ho nito.

Sana ma-settle na lahat iyong mga problema nating pandaigdigan, geopolitical problems, the war in Ukraine, and countries which do not bring their production to the market, sana magkaroon ng opportunity na madala nila.

So, hindi na ho kagaya naman nang dati na talagang malaki ang fluctuation, nadaanan na natin iyon at hinihingi na lang ho natin sa ating mga kababayan to be just patient. Sabi nga, "What goes up must come down." Na-experience na natin ito in 2012, 2011, even in the [unclear] in 2014, 2015.

Noong dumating na, bumaba naman talaga, bumaba naman ho ng maayos. As a matter of fact, bumaba pa noong sometime 2014. Naranasan natin [na] ang baba ho ng gasolina at krudo noon, bumaba hanggang $40 per barrel.

So hopefully, the world market forces will level off sana at magiging maayos na sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Usec., ano daw po kaya iyong dahilan kung bakit mas malaki ang itinaas ng diesel kumpara sa gasolina? Dati po kasi mas pinipili ng ating mga kababayan ang mga sasakyang gumagamit ng diesel dahil mas mura pero ngayon po nabaligtad na ito. Ano po ang masasabi ninyo dito?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR.:** Opo. Kung [unclear] eh talagang mas maano naman ang diesel kaysa sa gasolina 'no. So, dito, may subsidy aspect ang diesel. So, sinusundan natin ang pagtaas sa world market prices. Of course, including iyong sa production expenses. Talagang mas pumalo ho at ang tama ho sa diesel dahil iyon ho talaga ang sa world market prices, ang diesel talaga ang mas mahal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Medyo kanina may binanggit ka na pero may nagtatanong pa rin po ulit, Usec. Kailan po kaya daw makikita ang katapusan nitong weekly oil price hike?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR.:** Well, una, siyempre napag-usapan na natin ang amendment ng Oil Deregulation Law as a long-term concern or solution to address this. Mayroon ho dito iyong tinatawag nating unbundling na nai-propose ng DOE para matingnan ho natin kung saan tayo magbababa ng presyo.

At pangalawa, in situations like these, the government is looking on how we can further institutionalize po iyong mga subsidies lalo na sa affected areas – the transport and sa sector ho

ng agriculture at ng mga fisherfolk ‘no. So, iyon ang mga temporary but effective solutions natin na ma-institutionalize ho natin.

But tungkol dito sa pagbaba ho natin, hindi ho natin madiktahan ito. Sabi ko nga four weeks ago, galing ako ng US then to another country dumaan ako, talagang ito rin ho ang problema nila, ang pagtaas ‘no. Sa Amerika, medyo [unclear] sa Presidente nila. Sa Europe, talagang nagtutulakan na rin sila kung ano ang dapat. Pero dito sa Pilipinas, hopefully maaayos din ho lahat dito. Ang lamang lang ho natin, ang Pilipino is mas sanay tayo sa, alam na ninyo, mas resilient tayo sa mga situations na ganito.

And we urge everybody, in the meantime, let’s conserve energy, let’s conserve fuel, power in our houses, so that the impact will not be that enormous to everybody. Medyo mali-level off pa natin nang kaunti.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., ano naman daw po iyong reaksiyon ninyo sa sinasabi ng ilang eksperto na Pilipinas ang lugi dahil sa pagpapahinto ng oil exploration activities sa West Philippine Sea? Ano po iyong kailangan nating hintayin para po matuloy ito ulit?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR.:** Well, una, gusto ko lang iklaro na ang Department of Energy, sa mandato nito na oil exploration, talagang the department really pushed for the exploration despite all problems. [Dati, there was an existing moratorium from 2016, [20]17, [20]18 (sic)]. But in the term of President Duterte, talagang Secretary Cusi really pushed and there was a lifting of this so-called moratorium.

Recently, siyempre ang exploration kasi there are certain issues that needs to be addressed. Alam ninyo naman, mayroon ho diyang issue sa West Philippine Sea, and for prudence purposes, mayroon tayong grupo ho ng mga security advisers po natin to see to it na hindi ho masyadong maligalig kapag sinabi ho na we have to make a temporary stop muna dito in the meantime. Tingnan natin kung anong developments para hindi magkaroon ng friction.

So, ito ang mga bagay na dapat nating tingnan. Hopefully, we will be able to solve this as soon as possible.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Panghuli na lang, Usec. Two weeks na lang po at eleksiyon na. Paano daw po natin masisiguro na hindi daw po magkakaroon ng power interruption sa araw ng eleksiyon hanggang sa counting?

**DOE USEC. ERGUIZA, JR.:** Well, unang-una po, of course doon sa mga plano at sa pathway na pini-pave ng Department of Energy, kung susundan ho natin iyan eh wala hong brownout, sufficient naman ho tayo.

Ang ano lang natin para ma-manage din natin sa mga kababayan natin, iba-iba ho kasi ang pinanggagalingan ho ng serbisyo ho natin ng kuryente. Mayroong generation, mayroong transmission at distribution sa taumbayan. Ang transmission ay ang super highway and ang pinakadelikado ay kung magkakaroon po ng mga aberya sa daan o sa transmission eh talagang nagkakaroon ng bahagyang mga problema.

Pero mino-monitor nang mabuti ng Department of Energy ito para kung ano man ang problema [ay] hindi ho tayo maapektuhan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagpapaunlak sa amin ngayong araw, Undersecretary Gerardo Erguiza Jr., mula po sa Department of Energy. Thank you, Usec.!

Samantala, puntahan na natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. May report si Czarinah Lusuegro mula po sa PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarinah Lusuegro ng PBS-Radyo Pilipinas.

Naglabas na ng barangay classification ang lokal na pamahalaan sa Davao para sa ika-25 ng Abril hanggang ika-30 ng Abril sa Davao City. Para sa detalye, narito ang report ni Hannah Salcedo.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa ating mga partner agencies para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Hanggang bukas pong muli, ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center